


# Modyul sa Arts 1-Week 3-Part 2
## MAPEH ELEMENTARY
## Unang Markahan

**Pangalan:** ____________________________________________

| | |
|---|---|
| **Aralin 2** | **Mga Linya, Hugis at Tekstura** |

MELC: Identifies different lines, shapes, texture used by artist in drawing.(AIEL-Ic)

## Balikan

Lahat ba ng makikita sa ating paligid ay may sining? Ipaliwanag mo ang iyong sagot.

## Tuklasin

Tumingin ka sa labas. Anong mga hugis at linya ang iyong nakikita?

Ang **sining** ay iba't ibang uri ng paglikha sa nakikita ng isang manlilikha sa kanyang imahinasyon o malikhaing pag-iisip. May mga elemento ang sining. Ito ay ang hugis, linya at tekstura.

1. **Linya** – Nagpapakita ng palatandaan ng direksyon, oryentasyon omosyon ng isang likha. Ang mga linya ay nabubuo sa pamamagitan ng pagdudugtong-dugtong sa mga tuldok.


LIVEWORKSHEETS

2. **Hugis** - Ang hugis ay nabubuo kapag pinagtagpo ang dulo ng mga linya. Ito ay isang tuloy-tuloy na guhit na walang butas
na bahagi. Ito ay ang mga nakikita at napipisil na mga anyo, korte, porma, pigura, o tabas ng anomang mga bagay.

3. **Tekstura** – Ito ang elementong pangunahing umaapela sa pandama o panghipo sapagkat kalidad o katangian ito ngibabaw ng anomang bagay. Maaaring makinis o magaspang, madulas o mabako, manipis o makapal, mapino o mabalahibo.


**Dalawang uri ng linya**

**A.** Tuwid




patayo pahalang pahilis

**B.** Pakurba



solo doble mabagal mabilis

**Halimbawa ng Hugis**






bilog bilohaba tatsulok parisukat parihaba

## *Suriin*

**Panuto:** Tingnan ang mga larawan sabawat bilang. Alamin kung ano ang ipinakikita nito. Bilugan ang letra ng tamang sagot.


LIVEWORKSHEETS

| | |
|---|---|
|  | A. hugis<br>B. linya<br>C. tekstura |
|  | A. hugis<br>B. linya<br>C. tekstura |
|  | A. hugis<br>B. linya<br>C. tekstura |

## Pagyamanin

Ang mga linya ay mabubuo sa pamamagitan ngpagdudugtong-dugtong sa mga tuldok.

**Panuto:** Pagdugtungin ang mga tuldok upang makabuo ng isang uri ng linya.



LIVEWORKSHEETS


# Isaisip

- ✓ Ang sining ay may iba't ibang uri ng paglikha.
- ✓ May mga elemento ang sining. Ito ay ang hugis, linya at tekstura.
- ✓ Ang linya ay nagpapakita ng palatandaan ng direksyon,oryentasyon o mosyon ng isang likha.
- ✓ Ang hugis ay ang mga nakikita at napipisil na mga anyo, korte,porma, pigura, o tabas ng anomang bagay.
- ✓ Ang hugis ay isang penomenon na liwanag o persepsyong biswal na nagbibigay tulong sa paningin para mapag-iba ang magkaparehong bagay.
- ✓ Ang tekstura ay elementong pangunahing umaapela sa pandamao panghipo sapagkat kalidad o katangian ito ng ibabaw ng anumang bagay. Maaaring makinis o magaspang, madulas o mabako, manipis o makapal, mapino o mabalahibo.

# Isagawa

**Panuto:** Pagtapatin ang iba't ibang hugis na hinihingi.

1. bilog
2. parisukat
3. parihaba
4. tatsulok
5. bilohaba



LIVEWORKSHEETS

# Tayahin

**Panuto:** Basahin nang mabuti ang sumusunod na pangungusap. Isulat ang letra ng tamang sagot at isulat ito sa patlang.

**A. Sining** **B. Hugis** **C. Linya** **D. Tekstura**

_____1. Ang elementong pangunahing tumutukoy sa pandama.

_____2. Mayroong mga elemento tulad ng linya, hugis, at tekstura.

_____3. Nagpapakita ng palatandaan ng direksyon, oryentasyon omosyon ng isang likha.

_____ 4. Nadadama ang mga anyo, korte, porma, pigura, o tabas nganomang mga bagay.

LIVEWORKSHEETS